

PAHAYAG SA PRESS

Mayo 17, 2021

Kontak: Pinagsamang Center ng Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS,
jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Release

Magsasagawa ang Long Beach ng Mga Araw-araw na Palabunutan para sa Mga Taong Tatanggap ng Kanilang Unang Bakuna Laban sa COVID-19

Kabilang sa mga premyo ang Nintendo Switch, Mga Lokal na Hotel Package

Long Beach, CA - Simula ngayon, Mayo 17. Hanggang sa Sabado, Mayo 22, magsasagawa ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao ng Lungsod ng Long Beach ng araw-araw na palabunutan para sa mga tatanggap ng kanilang unang bakuna laban sa COVID-19 bilang insentibo sa mga taong karapat-dapat na mapabakunahan.

“Patuloy kaming magbibigay ng mga insentibo at bagong ideya para mapabakunahan ang mga residente,” ayon kay Alkalde Robert Garcia. “Patuloy kaming nagbabakuna ng mga tao araw-araw at ang mga palabunutang ito ay isa pang paraan ng pag-abot sa iba’t ibang uri ng populasyon.”

Mula Mayo 17 hanggang Mayo 22, ang mga tatanggap ng kanilang unang dosis ng bakunang Pfizer o Moderna COVID-19 o ang kanilang natatanging dosis ng bakunang Johnson & Johnson/Janssen sa pamamagitan ng kahit na anong lugar sa pagpapabakunang pinatatakbo ng Lungsod ay awtomatikong ipapasok para magkaroon ng pagkakataong manalo ng premyo sa palabunutan kabilang ang Nintendo Switch o dalawang gabing pamamalagi sa isang lokal na hotel. Magkakaroon ng pagkakataong mamili ng kahit anong premyo ang mga mapipili. Kinakailangan ang pahintulot ng magulang/gabay para sa mga wala pang 18 taong gulang. Kabilang sa mga kalahok na hotel ay ang Hilton Long Beach, Marriott Long Beach, Hotel Maya, Golden Sails Hotel, The Westin Long Beach, Renaissance Long Beach Hotel at Staybridge Suites Long Beach Airport.

“Mahalaga sa patuloy na pagbubukas ng Long Beach ang pagbabakuna sa mas marami pa sa ating komunidad,” ayon kay Steve Goodling, Presidente at CEO ng Convention & Visitors Bureau (CVB) ng Long Beach. “Ikinagagalak ng CVB at ng aming mga partner na hotel na suportahan ang mga pagsisikap sa insentibo ng Lungsod, at hinihikayat namin ang lahat na magpabakuna.”

Magaganap ang palabunutan araw-araw at aabisuhan ang mga mananalo sa pamamagitan ng telepono at/o email, at maaaring kunin o ipadala sa pamamagitan ng koreo ang mga papremyo.

Kabilang sa mga site ng [pagbabakunang pinatatakbo ng Lungsod](#), kung saan maaaring magpabakuna ang lahat ng mga 12 taong gulang o higit pa ang:

- Convention Center ng Long Beach
- [Mga Mobile na Klinika ng Komunidad](#) sa Mga Parke ng Admiral Kidd, MacArthur at Houghton
- [Mga Mobile na Sasakyan sa Pagpapabakuna](#) para sa mga indibidwal na hindi makalabas ng bahay at mga taong nasa kapitbahayang natamaan nang husto.
- [Mobile na pagpapabakuna sa mga lokal na paaralan](#), kabilang ang Cabrillo High School tuwing Sabado mula 10 a.m. hanggang 1 p.m.

Naging labis na matagumpay ang unang insentibo ng Lungsod sa pagbabakuna: mga tiket sa aquarium. Higit sa doble ang idinami ng mga appointment para sa unang pagbabakuna sa linggo ng Mayo 10 kumpara sa nakaraang linggo, at nagpamigay ang Lungsod ng higit-kumulang 5,700 tiket sa kabuuan. Nagpapatuloy sa pagtuklas ang Lungsod ng iba't ibang insentibo at estratehiya para mahikayat ang lahat ng karapat-dapat na residenteng protektahan ang kanilang mga sarili at mga mahal sa buhay mula sa COVID-19.

Walang appointment na kinakailangan, ngunit maaari pa ring magpa-iskedyul ang mga interesadong gumawa ng appointment sa pamamagitan ng pagbisita sa portal ng pagbabakuna ng Estado, sa [MyTurn.ca.gov](#), o sa pamamagitan ng pagtawag sa CA COVID-19 Hotline sa 833.422.4255.

Libre ang lahat ng bakunang inilalapat at direkta itong inilaan ng pederal na gobyerno.

Hanggang Mayo 14, may 53,223 kaso ng COVID-19 sa Long Beach at 934 ang namatay mula sa virus. Higit sa 324,000 bakuna ang tinurok, kabilang na ang 182,000 unang dosis at higit sa 142,000 ikalawang dosis. Available ang detalyadong datos tungkol sa COVID-19 at mga pagbabakuna sa Long Beach sa [longbeach.gov/covid19data](#).

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang ating mga residente, bisitahin ang [longbeach.gov/COVID19](#) at i-follow ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.